10

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO 10 (Ikaapat na Markahan-USLeM 2)


**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Myra C. Aragon, Teacher I, MBHS-Main |
| **Tagaguhit:** | Myra C. Aragon, Teacher I, MBHS-Main |
| **Tagalapat:** | Melesa L. Calapano, Head Teacher III, MBHS-Main |
| **Manunulat ng LAS:** | Myra C. Aragon, Teacher I, MBHS-Main |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Nelia G. Abejar, Head Teacher V, MNHS-Main |
| **Tagasuri ng Wika:** | Mary Ann O. Wijetunge, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR |
| | Dr. Dominico C. Idanan, SDS SDO-Muntinlupa City |
| | Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR |
| | Madeline Ann L. Diaz, CID Chief, SDO-Muntinlupa City |
| | Dr. Ma. Gloria G. Tamayo, Regional EPS, Filipino |
| | Dr. John Albert B. Colle, EPS-Filipino, SDO-Muntinlupa City |
| | Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR |
| | Dr. Gina U. Urquia, LR EPS SDO-Muntinlupa City |
| | Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR |
| | Cecilia A. Ilarde, Librarian SDO-Muntinlupa City |



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

| Aralin 2 | Kaligirang Pangkasaysayan ng El Filibusterismo (Mga Batis ng Impormasyon sa Pananaliksik) |
|---|---|

## INAASAHAN

Sa modyul na ito ay magaganap ang iyong sariling pagkatuto. Dama ko ang iyong pananabik sa susunod nating aralin, kaya naman handog ko sa iyo ang mga gawaing tiyak na lilinang sa iyong kaisipan at kasanayan.

**Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:**

1. Naitatala ang mahahalagang impormasyon mula sa iba't ibang pinagkukunang sanggunian
2. Nagagamit ang iba-ibang reperensya/batis ng impormasyon sa pananaliksik **(F10EP-IIf-33)**

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Ayon sa mga tala at kasaysayan, ano ang dahilan ng pagbitay kina Padre Mariano Gomez, Padre José Burgos at Padre Jacinto Zamora noong Pebrero 17, 1872 sa Bagumbayan?
   A. Pinaratangan sa pagpapalaganap ng maling balita
   B. Pinaratangan sa pagtanggi sa mga proyektong sibil ng pamahalaan
   C. Pinaratangan sa pagsasagawa ng misa bagama't hindi sila mga paring Orden
   D. Pinaratangan sa pagpapabagsak ng pamahalaan at pag-aaklas sa Cavite noong 1872

2. Sa anong kategorya ng batis ng impormasyon maihahanay ang talaarawan, sarbey at salaysay ng saksi?
   A. Primarya B. Sekondarya C. Tersiyarya D. Pangkalahatan

3. Tumutukoy ito sa pinanggagalingan ng mga katunayan na kailangan para makagawa ng mga pahayag na may kaalaman hinggil sa isyu, penomenon o panlipunang reyalidad.
   A. Word Bank C. Napapanahong Balita
   B. Algoritmo at datos D. Batis ng impormasyon

4. Ang sumusunod ay mga primaryang batis ng impormasyon **MALIBAN** sa isa.
   A. sarbey B. panayam C. editoryal D. talaarawan


5. Ayon kay G. Alejandrino, ang tinutuluyan na apartment ni Rizal ay may sariling kantina pero sa halip na kumain doon, ay bumili na lamang siya ng isang latang biskuwit at ilang kape na konsumo sa loob ng isang buwan. Ito ay ayon sa "Rizal's Life, Works, and Writings" na isinulat ni G. Gregorio F. Zaide. Anong batis ng impormasyon ang ginamit sa pahayag na binasa?
   A. sarbey na isinagawa
   B. isinulat na talaarawan
   C. interbyu na isinagawa
   D. sipi mula sa orihinal na pahayag

## BALIK-TANAW

**Panuto:** Mula sa tinalakay na **Kaligirang Pangkasaysayan ng El Filibusterismo**, piliin sa mga tala sa loob ng kahon ang wastong impormasyon upang mabuo ang *Timeline* ng El Filibusterismo. Isulat ang letra ng tamang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| A. Pebrero 3, 1888, Europa | E. lupain | I. Maximo Viola |
| B. Pebrero 17, 1872, Pilipinas | F. 2000 | J. Valentin Ventura |
| C. Ghent, Belgium | G.1000 | K. Ferdinand Blumentritt |
| D. Madrid, Spain | H. Calamba | L. Korporasyon |

**TIMELINE NG KALIGIRANG PANGKASAYSAYAN NG EL FILIBUSTERISMO**




Ang El Filibusterismo ay karugtong o sikwel ng Noli Me Tangere. Sinimulan ni Rizal ang pagsulat ng nobelang ito noong Oktubre ng 1887 habang nagpapraktis ng medisina sa _____.

___, nilisan niya ang Pilipinas at nagtungo sa ____ dahil sa mga banta sa kaniyang buhay matapos mailathala ang Noli Me Tangere.

Ang pagpapahirap ng mga Kastila sa kaniyang pamilya at ang pagkuha ng mga ___ ng kaniyang mga kababayan ang inspirasyon niya sa pagsulat.

Si ____, kaibigan ni Rizal sa Paris ay nagpahiram sa kaniya ng P300.000 para sa kabuuang gugol sa pagpapalimbag ng El Filibusterismo.

**Setyembre 18, 1891** sa _________, inihandog ni Rizal ang El Filibusterismo sa alaala ng tatlong paring sina Don Mariano Gomez (84 taon), Don Jose Burgos (35 taon) at Don Jacinto Zamora (37 taon)

Sa **F. Meyer-Van Loo Press, No. 68** sa Belguim naipalimbag ang _____ sipi ng nobela, dito niya pinili ang pagpapalimbag dahil mas mura.

## MAIKLING PAGPAPAKILALA SA ARALIN

Napakabilis ng takbo ng panahon, halos minu-minuto ay magugulat ka sa dami ng impormasyong mababasa, maririnig o mapapanood. Kung gumagamit ka ng **Internet,** hindi imposibleng ikaw ay may ilang **social media accounts** gaya ng **Facebook**, **Instagram**, **Messenger, Twitter**, **Whatsapp, Skype, Viber** at **Youtube.** Malamang ay mayroon ka ring **Tiktok account** o maaaring gumagamit ka ng **blog** (pinaikling salita para sa **weblog**) upang maghatid ng impormasyon, magpahayag ng iyong opinyon sa mahahalagang isyu at usapin gayundin ang makipag-ugnayan sa mga kaibigan, kaklase, kakilala at kapamilya. Sa Google, hinahanap ang anomang nais mong malaman na sa isang **click** lamang ay naroroon na ang impormasyong kailangan mo. Sa dami ng mga impormasyong ito, kailangang maging maingat at mapanuri upang maiwasan ang paglaganap ng mga maling impormasyon na maaaring maibahagi mo rin sa iba lalo na kung aktibo kang gumagamit ng ***social media***. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga ang pagpili ng iba't ibang batis ng impormasyon sa pananaliksik at pag-aaral gaya ng sa Kaligirang Pangkasaysayan ng El Filibusterismo o anomang paksa na nais mong pag-aralan o pag-usapan.

Ang **batis ng impormasyon ay ang pinanggagalingan ng mga katunayan na kailangan para makagawa ng mga pahayag na may kaalaman hinggil sa isyu, penomeno o panlipunang reyalidad.** Ito ang tinatawag na ***"source of information"*** sa Ingles. Mahalagang malaman ang iba't ibang reperensya upang epektibong magamit sa pananaliksik nang maging maayos, organisado, tama at mapagkakatiwalaan ang gagawin.

May dalawang kategorya ang batis ng impormasyon: **PRIMARYA** at **SEKONDARYA.**

**Primaryang batis ng impormasyon** kung **ito'y orihinal na pahayag, obserbasyon at teksto na direktang nagmula sa isang indibidwal, grupo, o institusyong nakaranas, nakaobserba o nakapagsiyasat ng isang paksa o penomenon.** Ang pormal o impormal na panayam (interbyu), pagtatanong-tanong, testimonya ng saksi, sarbey (***survey***), talambuhay, naratibong ulat, talaarawan (***diary***), ***ledger, anecdotal records***, balita sa radyo, telebisyon o sa ***internet, email***, nakarecord na ***audio/video*** sa ***internet, blog*** at ***vlog*** sa ***website*** ay mga halimbawa ng mga primaryang batis ng impormasyon.

**Sekondaryang batis** naman **ang pahayag ng interpretasyon, opinyon/kritisismo mula sa mga indibidwal o grupo o institusyon na hindi direktang nakaranas, nakaobserba, nakasaliksik ng isang paksa o penomeno.** Halimbawa nito ay ang editoryal sa mga diyaryo, diksyunaryo, ensayklopidya, sanaysay, komentaryo, kolum (***column***), mga sipi/kopya mula sa orihinal na pahayag (***statement***), mga sabi-sabi, ***powerpoint presentations*** na gawa ng iba. Kung ikaw ay nagsaliksik sa pamamagitan ng internet, maaaring ikumpara ang mga nababasang impormasyon sa ibang kilala at mapagkakatiwalaang ***website***.

May mga ***websites*** na gumagamit ng ***Fact Check*** gaya ng Reuters, Rappler at iba pa.

**Naririto ang iba't ibang uri ng website:**

**.gov** ang bibisitahing **website** kung ang nais na impormasyon ay sangay ng pamahalaan ang kailangan. **Halimbawa:** *www.gov.ph*, *www.muntinlupacity.gov.ph*
**.com** naman kung ang nais na impormasyon ay tungkol sa mga kalakalan, bisnes, komersiyo at pangkalahatan. **Halimbawa:** *www.facebook.com*, *www.reuters.com*
**.org** ang **website** na bibisitahin kung ang nais namang malaman ay iba't ibang diverse global communities at indibidwal na ang layunin ay makapanghikayat at makagawa ng mga dakilang bagay *online*. **Halimbawa**: *www.charitywater.org*, *www.worldwildlife.org*
**.edu** ang bibisitahing **website** kung ang nais na makalap na impormasyon ay mula sa institusyon ng edukasyon. **Halimbawa:** *www.academia.edu*, *www.rasmussen.edu*
**Pasalitang Kasaysayan** – Ito ay kasaysayang sinambit ng bibig. (Kasaysayan ng Muntinlupa, Kasaysayan ng Pilipinas, atbp.)

**Pangkaming Pananaw** –pamamaraan sa paglilinang ng kabihasnan natin na paraang ginamit ni Rizal, ang kaniyang Noli Me Tangere at El Filibusterismo ay halimbawa nito. Sa mga akdang ito, ang kinakausap ay mga tagalabas o banyaga kaya sa wikang banyaga ito nakasulat. Sa pananaw na ito, ang ating bansa ang pag-uusapan at magiging "PAKSA" ng pag-aaral ng taga-ibang bansa sapagkat ito ang perspektibong nais niyang ibahagi sa ibang lugar. (Parang paraan ng pagsasabi na "GANITO PO KAMI", "HETO KAMI")

**MGA HALIMBAWA NG IMPORMASYON AT BATIS NG IMPORMASYON**

| IMPORMASYON | BATIS NG IMPORMASYON | KATEGORYA NG BATIS NG IMPORMASYON |
|---|---|---|
| **1.** Ang pananaliksik ay ang "sistematikong pagsusuri o pagsisiyasat ng isang paksa, pangyayari, at iba pa." Ito ang proseso ng pangangalap sa mga totoong impormasyon na humahantong sa kaalaman. Ito rin ang "malikhain at sistematikong gawaing ginagawa para mapataas ang kaalaman." Saklaw nito ang pangongolekta, pag-oorganisa, at pagsusuri sa mga impormasyon para mapalawak pa nang husto ang kaalaman tungkol sa isang paksa o isyu. Ang isang proyekto sa pananaliksik ay maaaring isang pagpapalawak sa napag-alaman na. Isinasagawa ang mga ito para mapahusay pa lalo ang pag-intindi sa isang partikular na paksa, o maaaring para sa edukasyon. | **Website** **https://tl.wikipedia.org/wiki/Pananaliksik** | **PRIMARYA** |

| | | |
|---|---|---|
| 2. Haharapin natin ang 'bagong normal' nang may kahabagan, sensibilidad, at pagiging makabayan upang ang paraan ng pag-aaral ay hindi maging isang pasanin para sa mga magulang, mga anak at guro ngunit isang pag-asa sa gitna ng krisis. Sa kabila ng mga hamon na tatahakin, sisiguraduhin natin na magkakaroon ng balanse sa pagitan ng pagbibigay ng kalidad ng edukasyon at pag-aaruga sa bawat isa.<br>Tayo ay maglulunsad ng isang komprehensibong ***Learning Continuity Plan (LCP)*** na tutugon sa mga hamon kabilang ang mga kinakailangang pagsasaayos sa kurikulum, pagkakahanay ng mga materyales sa pagkatuto, at karampatang suporta para sa mga guro at magulang. | **Website**<br>https://www.deped.gov.ph/2020/05/01/pahayag-ng-pakikiisa-ng-kagawaran-ng-edukasyon/ | **PRIMARYA** |
| 3. **Police Visibility**<br>Epektibong paraan para masupil ang mga ***riding-in-tandem criminals*** ay sa pamamagitan ng regular na pagpapatrolya ng mga pulis. Kamakailan, inilunsad ng PNP ang Tactical Motorcycle Riding Units (TMRUs). | **Editoryal (Pahayagan)**<br>Pilipino Star Ngayon<br>Pebrero 22, 2021 | **SEKONDARYA** |
| 4. JOSE RIZAL: Sa Landas ng Paglaya | Dokumentaryo/ Interbyu<br>National Historical Commission of the Philippines<br>**https://www.youtube.com/watch?v=KX4_mB4mplY** | **PRIMARYA** |

## MGA GAWAIN

### Gawain 1: Alamin, Saliksikin, Suriin

**Panuto:** Isulat ang hinihinging datos / impormasyon sa pananaliksik na gagawin sa ibaba. Ginawa na ang unang aytem para sa iyo. Gawing gabay ang talahanayan.


| Impormasyong kailangan | Batis ng Impormasyon | Kategorya ng Batis ng Impormasyon |
|---|---|---|
| 1. Mga lokal na opisyal ng Muntinlupa | **Website** https://www.muntinlupacity.gov.ph/wp-content/uploads/2017/07/no.-16-033-1.pdf | **PRIMARYA** |
| 2. **Hindi pa napapanahon!** Kontra ang OCTA Research Group sa gustong mangyari ng Metro Mayors at IATF na isailalim na sa Modified General Community Quarantine (MGCQ) ang Metro Manila sa Marso. | **Kolumn sa Pahayagan ORA MISMO** ni Butch M. Quejada Pilipino Star Ngayon Pebrero 22, 2021 | |
| 3. Magandang gabi Rizal! Pa-survey lang mga anak. Nais mo bang magkaroon ng Online class via Google Meet sa next meeting? (MODYUL 2.5) February 11, 2021 Thursday @ 1pm? | **SARBEY** na isinagawa sa pamamagitan ng **FB Poll** ni Camya Nogara sa pribadong **Fb group M.Aragon-Dugong Rizal** Pebrero 4, 2021. | |
| 4. Panayam Onlayn/Onlayn Kumustahan sa mga piling mag-aaral ng G10- Rizal ni Gng. Eden B. Binaday, punongguro ng MBHS-Main. | Via Google Meet Pebrero 11, 2021 9:00 n.u.-2:00 n.h. | |

| | | |
|---|---|---|
| 5. Panahon ng Kastila | **AKLAT**<br>Rubin, Ligaya Tiamson et.al, 2006 Panitikan sa Pilipinas, Rex Bookstore, Lungsod Quezon | |

## Gawain 2

**Panuto:** Sa iyong ***Social Media account***, gawin mong ***status (post)*** ang **KAHALAGAHAN NG IMPORMASYON AT PAGPILI NG BATIS NG IMPORMASYON** upang maiwasan ang paglaganap ng *FAKE NEWS* at mga maling impormasyon tungkol sa pagkakasulat ng El Filibusterismo at buhay ni Dr. Jose P. Rizal. I-**post** ang ***screenshot*** ng iyong gawa sa **Fb Group**. Bisitahin ang link https://www.youtube.com/watch?v=KX4_mB4mplY upang magkaroon ka ng karagdagang impormasyon na magagamit mo sa gawaing ito.

**Narito ang halimbawa:**




## TANDAAN

1. May iba't ibang reperensya/batis ng impormasyon sa pananaliksik.
2. Ang pagtatala ng mahahalagang impormasyon mula sa iba't ibang pinagkukunang sanggunian ay mainam na kasanayan upang mas tumpak, magaan at mabilis ang pagsasaliksik.
3. Ang batis ng impormasyon ay ang pinanggagalingan ng mga katunayan na kailangan para makagawa ng mga pahayag na may kaalaman hinggil sa isyu, penomenon o panlipunang reyalidad. Ito ang tinatawag na **"*source of information*"** sa Ingles.
4. May dalawang kategorya ang batis ng impormasyon: PRIMARYA at SEKONDARYA.
5. Kung sa internet magsasaliksik, mahalagang alam ang uri ng website na bibisitahin. (**.org .com .gov .edu**)

## PAG-ALAM SA NATUTUHAN

**Panuto:** Magsaliksik ng tungkol sa kasaysayan ng inyong lugar.
Isulat ang mga kinakailangang impormasyon sa talahanayan.

| KASAYSAYAN NG LUGAR (Kung saan ka nakatira) | Website/Aklat/Batis ng Impormasyon (Ano ang pinagkunan ng Impormasyon?) | May-ari ng website/Awtor/atbp. (Sino ang source ng impormasyon?) |
|---|---|---|
| | | |

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto:** Piliin ang tinutukoy sa bawat aytem / pahayag.
Isulat ang letra ng sagot sa patlang.

___ 1. Ito ang bibisitahing website kung ang nais na impormasyon ay sa institusyon o sangay ng pamahalaan.
A. .com C. .gov
B. .edu D. .org

___ 2. Ito ang pinaikling salita para sa **weblog**.
A. blog C. www
B. web D. https

___ 3. Alin sa sumusunod ang **HINDI** sekondaryang batis ng impormasyon?
A. Sanaysay C. Talaarawan
B. Editoryal D. Ibinahaging PPT na gawa ng iba

___ 4. Ito ay ang sistematikong pagsusuri ng isang paksa na sumasaklaw sa pangongolekta, pag-oorganisa at pagsusuri sa mga impormasyon.

A. Pag-aaral C. Pananaliksik
B. Pagtatala D. Pag-iimbestiga

___ 5. Ito ang pinanggagalingan ng mga katunayan na kailangan upang makagawa ng mga pahayag na may kaalaman hinggil sa isyu, penomenon o panlipunang reyalidad.
A. Balita sa Bansa C. Algoritmo ng Datos
B. Datos na nakalap D. Batis ng Impormasyon

## Susi sa Pagwawasto

Susi sa Pagwawasto

| UNANG PAGSUBOK | BALIK-TANAW | PANGWAKAS NA PAGSUBOK | GAWAIN 1 |
|---|---|---|---|
| 1. D | 1. H | 1. C | 1. MAY SAGOT NA |
| 2. A | 2. A | 2. A | 2. SEKONDARYA |
| 3. D | 3. E | 3. C | 3. PRIMARYA |
| 4. C | 4. J | 4. C | 4. PRIMARYA |
| 5. D | 5. C | 5. D | 5. SEKONDARYA |
| | 6. F | | |

**GAWAIN 2** Iba-iba ang magiging sagot ng mga mag-aaral

**PAG-ALAM SA NATUTUHAN:** Iba-iba ang magiging sagot ng mga mag-aaral

## Sanggunian

**Internet**

https://www.deped.gov.ph/2020/05/01/pahayag-ng-pakikiisa-ng-kagawaran-ng-edukasyon/

https://www.muntinlupacity.gov.ph/wp-content/uploads/2017/07/no.-16-033-1.pdf

**JOSE RIZAL: Sa Landas ng Paglaya (Dokumentaryo) National Historical Commission of the Philippines**
https://www.youtube.com/watch?v=KX4_mB4mplY

**Aklat**
**Teodorica Espinoza et.al, 2014,** El Filibusterismo ni Jose Rizal Aklat Ani Publishing and Educational Trading Center

**Pahayagan**
Police Visibility, **Editoryal,**
Hindi pa napapanahon! **Kolumn**, Ora Mismo, Butch M. Quejada
Pebrero 22, 2021, Pilipino Star Ngayon, Inc